

## “ Alam Mo ba kung ano ang mga karapatan mo? ”



### ANO ANG MGA PAMANTAYAN SA PAGTATRABAHO?

Sa Ontario, ang Batas ng Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho (Employment Standards Act, ESA) ay nagtatakda ng **IYONG PINAKAMABABANG MGA LIGAL NA KARAPATAN AT PRIBILEHIYO** bilang manggagawa.

### SINO ANG SAKOP NG ESA?

**KUNG IKAW AY** nagtatrabaho sa Ontario, may unyon man o wala, **MAAARING** ikaw ay ay sakop ng ESA.

### PINAKAMABABANG SAHOD NG ONTARIO

Karamihan sa mga empleyado ay may karapatan na mabayaran ng **hindi bababa** sa minimum na sahod. Ang minimum na sahod ay inaayos taun-taon gamit ang isang formula na nakabatay sa mga pagbabago sa Consumer Price Index. **Ang mga bagong rate ay magkakabisa sa Oktubre 1 at inilalathala sa o bago ang Abril 1 ng bawat taon.**

Para sa karagdagang impormasyon, at para tingnan ang kasalukuyang minimum na sahod: [www.ontario.ca/document/your-guide-employment-standards-act-0/minimum-wage](http://www.ontario.ca/document/your-guide-employment-standards-act-0/minimum-wage)



### MGA ORAS NG TRABAHO

#### ARAWANG LIMITASYON

**8 ORAS**

ay ang pinakamataas na bilang ng mga oras sa isang araw ng trabaho, maliban kung ang tagapag-empleyo ay nagtatag ng isang regular na araw ng trabaho na higit sa 8 oras, kung saan ang halagang **IYON** ang magagiging pinakamataas na bilang ng mga oras.

#### LINGGUHANG LIMITASYON

**48 ORAS**

ay ang pinakamataas na bilang ng mga oras na maaari kang pagtrabahuin sa isang linggo.

#### MGA BREAK

**30 MIN**

ay ang iyong karapatan para sa isang bayad na panahon ng pagkain (pagkatapos ng hindi hihigit sa 5 oras ng trabaho). Maaari kang makipagsundo sa iyong tagapag-empleyo na hatiin ito sa dalawang (2) mas maikling mga break.

### MGA BAYAD MALIBAN SA SAHOD

#### BAYAD SA OVERTIME

» Kinakalkula ito depende sa pagsasaayos ng pagbabayad na napagkasunduan sa pagitan ng empleyado at tagapag-empleyo.

Maliban kung tinukoy, lahat ng mga oras na pinagtrabahuhan na lampas sa **44 ORAS** ai kailangang bayaran ng **1.5 BESES** ng iyong regular na sahod (“oras at kalahati”).

» Depende sa mga pangyayari, mayroong iba't ibang mga patakaran tungkol sa karapatan at pagbabayad ng obertaym.

#### BAYAD SA PISTA OPISYAL

» Ang mga Pista Opisyal ay mga araw kung saan ang **KARAMIHAN NG MGA EMPLEYADO** ay may karapatang lumiban sa trabaho nang may bayad.

» Habang ang karamihan sa mga empleyado ay karapat-dapat para sa karapatan ng pista opisyal, **ANG ILANG MGA EMPLEYADO** ay nagtatrabaho sa mga trabahong **HINDI SAKOP** ng mga probisyon ng ESA sa pista opisyal.

#### BAYAD SA BAKASYON

» YMay karapatan ka sa taunang bakasyon ng **2 LINGGO** na may bayad sa bakasyon na katumbas ng **4%** ng iyong taunang kita, kasama ang overtime.

» Pagkatapos ng **5 TAON** sa parehong tagapag-empleyo, may karapatan ka sa **3 LINGGO** na bayad na bakasyon na katumbas ng **6%** ng iyong taunang kita, kasama ang overtime.



### MGA PAGBAWAS SA SAHOD

Ang tagapag-empleyo ay may karapatan na bawasan ang iyong sahod sa ilalim ng 3 na kalagayan:

**01**

#### MGA PAGBAWAS AYON SA BATAS

Ito ang mga pagbawas na kailangang gawin ng mga tagapag-empleyo dahil sa mga batas pederal at panlalawigan.

**02**

#### NAKASULAT NA AWTORISASYON

Ang tagapag-empleyo ay maaaring magbawas sa iyong sahod kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot.

**03**

#### MGA UTOS NG KORTE

Maaaring tukuyin ng korte na ang isang empleyado ay may utang na pera sa tagapag-empleyo.



### PAGLIBAN DAHIL SA RESPONSIBILIDAD SA PAMILYA

Sa ilalim ng isang susog sa Batas noong 2018, sa Ontario - ang mga manggagawa na nagtatrabaho sa isang tagapag-empleyo sa loob ng dalawang magkakasunod na linggo - ay may karapatang sa pagliban **na walang bayad**, sa kabuuang limitasyon na tatlong araw sa bawat taon ng kalendaryo. Ang Pagliban Dahil sa Responsibilidad sa Pamilya ay maaaring gamitin para sa karamdaman, pinsala, emerhensiyang medikal o mga importanteng bagay.

### TERMINASYON

Sa Ontario, itinuturing kang na-terminate kung ang tagapag-empleyo ay:

- » **PINAALIS KA** o **TUMIGIL SA PAGPAPATRABAHO SA IYO**, kasama ang pagkawala ng iyong trabaho dahil sa pagkalugi ng tagapag-empleyo o kawalan ng pondo;
- » **MAAYOS KANG PINAALIS AT IKAW AY NAG-RESIGN**, bilang tugon, sa loob ng makatwirang tagal ng panahon; and/or
- » **TINANGGAL** ka sa panahon na mas mahaba kaysa sa pansamantalang pagtanggap.

### MGA MAPAGKUKUNAN

BATAS NG MGA PAMANTAYAN SA PAGTATRABAHO (ESA): [www.ontario.ca/laws/statute/00e41](http://www.ontario.ca/laws/statute/00e41)

MGA FAQ SA MGA PAMANTAYAN SA PAGTATRABAHO: [www.labour.gov.on.ca/english/es/faqs/general.php](http://www.labour.gov.on.ca/english/es/faqs/general.php)